

Prologue

San Francisco, California
Four years ago

Pinahid ni Reeze ang luhanang pumatak sa kanyang pisngi. Pinagmamasdan niya ang litrato kung saan nakasakay siya sa isang kabayo habang inaalalayan ng kanyang ama. She was nine at that time, an only child. Bakasyon niya noon mula sa school at isinama siya ng ama sa trabaho nito. Her father was a professional wedding photographer, and the client wanted a ranch setting for their pre-nup photoshoot. Iyon ang unang beses na natuto siyang kumuha ng litrato na hindi Polaroid camera ang kanyang ginamit. Since then, Reeze promised herself

that she would become like her father. She would work alongside him, and she would make him proud.

Pero mukhang hindi na iyon mangyayari kailanman. Her father left when she was fourteen. Inisip ni Reeze noon na marahil ay napagod ang kanyang papa sa regular na pakikipag-away sa mama niya. Her mother said her father left them for another woman. She didn't believe her.

Until this afternoon.

Pinuntahan ni Reeze ang ama sa address na nakuha ng pinsang si Martha mula sa binayaran nitong private detective. It was indeed her father's house. But he wasn't alone. Kasama nito ang babaeng naging karelasyon nito sa Pilipinas. May dalawang anak ito sa kanyang ama.

And her mother was right all along.

"I'm sorry, anak. Masyado ka pang bata noon para maintindihan ang lahat. At ngayon... wala akong ibang masasabi kundi I'm sorry," ang tanging sinabi ng tatay niya.

Nilunod ni Reeze ang hikbi sa pag-inom ng alak.

"Is that your father?"

Napalingon siya sa katabing babae na umiinom din sa bar counter. Maganda ito pero malungkot ang anyo. Kahit nakangiti, bakas ang lambong sa

matatapang na mata nito. Tila may mabigat din itong pinagdaraan.

“Pinay ka rin, tama?”

Friendly na tumango si Reeze. Humingi siya ng isa pang shot ng alak sa bartender.

“I’m Catherine.”

She smiled back. “Reeze.”

“Nice meeting you.”

“Same.”

“Ang papa mo ba ang iniiyakan mo?” tanong muli nito makalipas ang ilang sandali.

Bumuntung-hininga siya. “I just found out that he’s living happily here... with his new family. Totoo pala ang sinabi ng mama ko na iniwan kami ni Papa para sumama sa ibang babae.” She smiled bitterly. “I used to idolize him.”

“I’m sorry to hear that,” may simpatiyang ani Catherine saka nilagok ang alak mula sa sariling baso.

“Thanks. ’Yan ang drama ng buhay ko. Ikaw, may daddy issues ka rin?”

Natawa ang babae. Sandali itong nanahimik bago muling nagsalita, “There’s this man in my life who I love so much. But our relationship is unhealthy.”

“May physical o emotional abuse bang involved?”

Hindi siya expert sa mga ganoong problema dahil kailanman ay hindi siya napasok sa isang seryosong relasyon. Pero sapat na ang nasaksihan ni Reeze sa kanyang pamilya at mga kamag-anak para magkaideya siya kung paano nagiging unhealthy ang isang pagsasama.

“I think it’s emotional,” Catherine replied. “I just feel... suffocated.”

“Eh di sabihin mo sa kanya ang nararamdaman mo.” Hindi talaga niya maintindihan kung bakit may mga babaeng pinahihirapan ang sarili sa pag-ibig. Women are such masochists sometimes.

“I can’t.” Umiling-iling ito. “Because he would just do everything to keep me more by his side.”

“Simple lang naman ang solusyon sa problema mo.” Nagkibit-balikat si Reese at inubos muli ang laman ng baso. “Leave him.”

CHAPTER *One*

*P*resent day...

“Namatayan ka ba, Martha? Tirik na tirik ang araw, naka-all black ka. Ba’t ka ba nandito?” unfriendly na tanong ni Reeze sa pinsan nang isang umaga ay puntahan siya nito sa kanyang apartment. Itim na itim ang getup nito mula sa sapatos, sa skirt at blouse, at sa *Cleopatra Clutch*.

Si Martha Benidez ang pangalawang anak ng CEO ng *Benidez Hotel Group*. Kaaway niya ito since birth. The last time she saw her cousin was three or four months ago. Ngayon ay bago na naman ang hairstyle ng lukaret. Bob cut na kinulayan ng buttermilk blonde.

Pabagsak itong umupo sa armchair at bumuntung-hininga. “I need your help, Reeze.”

“Help, huh?” Dumakot siya ng popcorn, isinubo iyon, at tamad na ngumuya. Kanina lang ay busy siya sa panonood ng Season 23 ng *America’s Next Top Model*.

Reeze was working as a freelance photographer kaya naman kapag wala siyang raket o gala sa labas, madalas ay nasa bahay lang siya. Napilitan lamang siyang ihinto ang kanyang TV marathon nang dahil sa istorbo niyang pinsan.

Inalok niya ang bucket ng popcorn kay Martha pero tumanggi ito. “Nabalitaan mo naman siguro ang nangyari sa kasal ko, hindi ba?”

“Alin, ’yong hindi ka sinipot ng fiancé mo?” Pinadalhan siya ng pinsan ng wedding invitation pero hindi siya pumunta.

“Lagyan mo naman ng konting sympathy ’yang tonon mo!”

“Ano’ng gusto mo, i-console kita? Pang-apat ka na sa angkan natin na naleche ang kasal. Ano’ng bago sa sitwasyon mo?” Dalawang pinsan nila ang ikakasal na dapat noon pero parehong iniwang nganga sa altar ng mga groom. Their aunt suffered the same miserable fate as well.

“Pero mas grabe ang nangyari sa ’kin. On the day of our wedding, nahuli ko ang fiancé ko na nakikipag-sex sa friend ko. Sa isa sa mga bridesmaid ko! ’Tapos, sila naman ang magpapakasal ngayon? Ang sakit-sakit kaya!” Nalukot ang mukha ni Martha. “Nilimas pa ni Arthur ang laman ng joint account namin.”

“Ganyan ka ka-tanga?” Napangiwi si Reeze. “Bakit ka naman kasi nag-open ng account kasama siya? Ikaw lang naman yata ang naglalagay ng laman doon.”

“Eh ikakasal na nga kami. Natural na ’yon ’no!”

Reeze rolled her eyes. Kung puwede lang, iuuntog niya ang ulo ng pinsan sa pader na puro pako. Ilang beses na itong naloko ng lalaki pero hindi pa rin nadadala. May hitsura naman si Martha at matalino academically. Kung bakit wala ni isang lalaking nagseryoso rito, wala siyang ideya.

“Sobrang sakit ng ginawa sa ’kin ni Arthur,” sabi ng pinsan.

“Hindi ka mukhang apektado.” Dinampot ni Reeze ang baso ng pineapple juice mula sa center table.

“I am! Naubos na lang talaga ang luha ko kaya hindi ako makaiyak ngayon sa harap mo.”

She shrugged, looking apathetic. “So ano’ng tulong ang kailangan mo sa ‘kin?”

“I want you to have sex with my ex-fiancé!”

Muntik na niyang maibuga ang ininom. “What?!”

“Bingi lang? I said I want you to—”

“Baliw ka na ba, Martha?”

Parang hindi siya narinig ng kausap. Nakatingin ito sa malayo na animo kontrabida sa isang teleserye. “Sinadya akong lokohin ng dalawang ‘yon, puwes, gagantihan ko sila!”

“At ako ang gagamitin mo?” Luka-luka na yata talaga ang pinsan.

“Yes, my dear Reezelda Anne. I know naman na expert ka sa mga dirty job na ganito, eh.” Martha smiled wickedly. “Remember, Dominic? Harry? ‘Yong mga naging boyfriend ko noon na basta mo na lang nilandi at inagaw sa ‘kin?”

She produced a lazy chuckle. “Naalala mo pa ‘yon?” Totoong naging mang-aagaw siya noong high school at college days nila, pero dahil lamang iyon sa kagustuhan niyang inisin si Martha. Masyado kasing maarte at pabida ang pinsan niya noon.

“Of course, b*tch! Hindi ko basta-basta makakalimutan ‘yon. But let’s not talk more about

the past, mas mahalaga ang present. So, are you in?”

Tumaas ang kilay ni Reeze. “Anong *in?* ’Wag mo nga akong idamay d’yan sa kalokohan mo, Martha. Just hire a damn hooker and leave me alone!”

“Sa tingin mo ba, hindi ko pa sinubukan ’yan? Dalawang beses na ’kong nagbayad ng female escorts, pero pareho silang tinanggihan ni Arthur.” Nanggigil muli si Martha. “Ang walanghiyang ’yon, nakuha pa raw magdahilan na kesyo ikakasal na at gustong maging faithful kay Patricia. Pero n’ong sa ’kin, ang dali niyang nakapagloko!”

Napailing na lamang si Reeze. Hindi siya interesadong makinig pa sa drama ng babae.

Tinabihan na siya ni Martha, nakikiusap ang anyo. “Sige na, Reeze, please? Sigurado akong hindi ka matatanggihan ni Arthur dahil mga katulad mo ang type niya. If you meet Patricia, you’ll know what I mean.” Sandali nitong pinasadahan ng tingin ang kanyang kabuuuan. “I’m desperately asking for your help.”

“Ano’ng akala mo sa katawan ko, car-for-rent na ipapa-drive mo sa ex-fiancé mo?”

“All you need to do is sleep with him. Just a one-night stand,” ungot nito.

“At kapag nagpa-freebie ako ng katawan,

nakaganti ka na n'on?"

"Gaga! Siyempre hindi lang 'yon gan'on. Gusto kong i-record mo sa video ang gagawin n'yo."

Napanganga si Reeze.

"Pagkatapos, ipapapanood ko sa malandi kong kaibigan." Nang mag-emote na naman si Martha na parang kontrabidang luka-luka, na-realize niyang seryoso nga ito. "Tingnan ko lang kung hindi siya magwala sa galit!"

"Gusto mo bang sugurin ako ng babaeng 'yon?"

"Patricia doesn't know you naman eh." Lumabi ang kausap. "And if ever, ako na'ng bahala d'on. Importante lang naman na makita niya kung gaano ka-unfaithful ang lalaking inagaw niya sa 'kin."

Deadma siyang pumunta sa kusina para mag-refill ng juice. Hindi pa siya hibang para gawin ang sinabi ng pinsan. She should like the guy first before she could agree to sleep with him. Kumbaga, kailangang may makita muna siyang point of interest bago pindutin ang shutter button ng camera. Paano kung mukhang paa pala ang fiancé nito? Hindi pa niya nakikita ang lalaki. Matagal na siyang nawalan ng interes na kilalanin ang mga nagiging nobyo ng pinsan.

"Reeze, please?" Sinundan siya ni Martha, bitbit

pa ang bag. “Ganito na lang, may ibibigay akong kapalit, basta pumayag ka lang sa request ko.”

“Like what? Money? Get out of my apartment, witch! I’m not a whore.” Tinalikuran niya ito muli.

“Fine. You left me no choice.” Narinig niya na parang may hinahalungkat ang pinsan na kung ano sa bag. “I’m claiming this now.” Inilapag nito sa dining table ang pamilyar na coaster ng *Jeloney’s Grill*. Sa likod niyon ay may handwritten note na: “*I owe you one, M.B.*” May pirma pa niya iyon sa ibaba.

Oh my.

Four years ago, desperadong humingi siya ng tulong sa pinsan para mahanap ang papa niya. They made the deal at a resto bar, and Reeze gave the coaster to Martha as a token of *quid pro quo*. Ang akala niya ay naiwala na iyon ng babae.

“Akala mo siguro nakalimutan ko na ang tungkol d’yan, ano?” Naka-maldita smile si Martha nang harapin niya itong muli. “Last resort ko talaga ’yan.”

Bumagsak ang mga balikat ni Reeze. Kasama sa ipinangako niya noon na tatanggapin ang kahit anong pabor na hihingin sa kanya ni Martha balang araw. Gaano man kahirap. Gaano man kaimposible.

I really shouldn’t have made a deal with a devil.

“Fine, I’ll do it. Sabihin mo kung saan at kelan,

ako na ang bahala.”

Nagliwanag ang mukha ng bruha. “Nasa *Benidez Hotel* siya ngayon, actually.”

Napangiwi si Reeze. “At talagang nag-check-in pa siya sa hotel n’yo? Bakit ka pumayag?”

“We can’t use personal reasons to ban him, Reeze. Guest pa rin siya, eh. Talagang makapal lang ang pagmumukha ng lalaking ’yon at gusto akong inisin. Pero okay na rin para mas mapadali ang balak kong mangyari. Tonight, pumunta ka sa hotel. Ibibigay ko sa ’yo ang master key.”

“Tapos?”

“Magpapadala ako ng wine sa kuwarto niya. Mas mabuti nang lasing siya para siguradong may mangyayari sa inyo. Make sure na makukunan ’yon ng video ha. Pagkatapos, um-exit ka na.”



“Marcus? Marcus!” Halos mapatalon siya sa swivel chair nang marinig ang malamyos pero matigas na pagtawag sa kanyang pangalan. Damn. Nakaidlip pala siya. Hihikab-hikab siya nang iikot ang upuan paharap sa matandang babaeng nakaupo sa tapat ng desk niya.

Napangisi si Marcus. Galit ang tingin sa kanya ng ginang na nakataas pa ang manipis na kilay.

“Ikaw bata ka! Paano mo nagagawang matulog habang nakikipag-usap sa kliyente mo?” Kahit kunwaring galit, malambing pa rin ang himig nito.

He rubbed his eyes and smiled smugly. “Ikaw lang naman ‘yan, Ninang, eh.”

Nasa mid-sixties na ang Ninang Felize niya. Second cousin ito ng kanyang ina. Ito lang sa lahat ng mga kamag-anak niyang matatandang babae ang hindi nagpadoktor ng hitsura. Wala itong pakialam kahit mapuno ito ng kulubot sa mukha at balat. Sapat na raw dito ang sopistikadang pananamit at tamang hair grooming. Palagi nitong sinasabi na: *“It’s a beauty I can afford, but not something I can be proud of.”* Kaya naman mataas ang respeto niya rito.

“Tsk, ts. Ikaw talaga, o! Pasalamat ka at ako ang kliyente mong kausap ngayon. Kung nagkataong iba, baka nawalan ka na agad ng project.”

“Don’t worry, Miss Gorgeous. It’s Saturday. Kayo lang talaga ang p’wede kong maging client ngayon.” Kumindat siya rito. Sapat na iyon para mapatawa at mapalambot muli ang kanyang ninang.

“Naku, baka naman puro puyat ka na at hindi kumakain nang maayos. I’m just worried about you, Marcus. Baka kasi bumabalik ka na naman sa dati. Noong time na nag-break kayo ng first lov—”

“Details noted, Ninang,” paglilihis ni Marcus sa usapan saka kunwaring itinuon ang mga mata sa notebook. Nakalista roon ang mga bagay na gustong ipadagdag ni Ninang Felize sa bahay na ipagagawa nito sa kanya.

The old woman fell silent for a short moment. Kabisado nito ang ugali niya kaya alam nito kung mayroong usapan na sadya niyang iniwasan. He could be playful and fun to converse with most of the time, but he'd usually turn withdrawn when it comes to a talk about his past.

“So ikaw na ang bahala sa bagong bahay namin ng asawa ko ha. We know naman how great an architect you are, hijo.” Pinisil nito ang kamay niya.

He gave her a small warm smile as a reply.

“Paano, mauuna na 'ko at may date pa kami ng Uncle Leo mo.” Natawa si Marcus sa kinikilig na reaksiyon ni Ninang Felize, saka niya ito pinagbuksan ng pinto. Hindi na ito nagpahatid sa labas.

He heaved a sigh as he closed the glass door of his office. Ang totoo, pagod talaga siya. Marami siyang inasikaso these past few days dahil nagsunod-sunod ang malalaking projects na natanggap ng firm nila. Some clients were becoming a pain in his a*s. Maraming pinapabago, maraming pinapadagdag na

detalye sa last minute. Pasalamat sila't professional siya at mahaba pa ang kanyang pasensya. Kung hindi lang talaga biglang nag-resign ang project manager nila, napabilis sana ang pagtapos sa lahat. Bagsak tuloy sa kanya ang lahat ng trabaho dahil wala pa silang makuhang matinong kapalit.

Another heavy sigh escaped his lips. Hell, he really needed a rest. Gusto pa sana niyang mag-stay upang tapusin ang pending works—para less work load na next week—pero talagang malapit nang bumigay ang kanyang katawan. Ilang araw na ba siyang puyat? Ah, kailangan niya ng mahabang tulog. He just wished he didn't look anything close to sh*t yet. Kilala siya na subsob sa trabaho, pero hindi naman pabaya sa physique. Kahit busy, sinisigurado pa rin ng binata in shape siya palagi.

Binanat-banat ni Marcus ang kanyang leeg. “Gonna call it a day.” He then grabbed his car keys and went home.



Nadatnan ni Marcus si Sam sa condo na naka-apron pa at katatapos lang mag-prepare ng dinner. Sinalubong siya nito sa sala.

“Ay sakto lang ang dating mo, irog. Ready na ang special beef stew na niluto ko para sa ’yo. Gusto mo

ba ng masahe after?” Pumupungay-pungay pa ang singkit na mga mata ng bading niyang kaibigan na sinimulang pisil-pisilin ang kanyang mga balikat.

“Gusto mong palayasin kita?” pabirong banta ni Marcus.

“Eto naman, parang hindi ka mabiro o! Kumain ka na nga.” Lumaki at lumalim bigla ang boses nito sabay hampas sa kanyang likod. Natawa siya saka sumunod dito sa kusina.

Matalik niyang kaibigan si Sam simula pa noong high school. He definitely had straight male and female friends, but no one got close to him like Sam did. Pamilya na kasi ang turing niya rito at talaga namang sa lahat, ito ang pinagkakatiwalaan niya nang lubos. Si Sam din ang naging karamay niya noong mga panahong nawalan siya ng gana sa buhay... noong mga panahong depressed siya dahil sa isang babae. Their closeness had always been something special.

“Baka kambal tayo sa past life natin, Marcus. Pinaghiwalay lang tayo ni Lord sa lifetime na ito dahil hindi raw ako puwedeng maging anak ni Madam,” minsang hirit ni Sam.

“Uy nga pala, ano’ng nangyari sa twenty-second date na sinet up ni Madam para sa ’yo?”

Nagkibit-balikat siya. “Okay lang.”

“Okay lang?” Nagtaas ng kilay si Sam. “Hoy, Marcus Santillez, kilala kita mula ulo hanggang talampakan. Since *Miss Number Eighteen*, hindi mo na sinisipot ang mga date mo. Tsk, tsk. Lagot ka na naman sa nanay mo.”

A phone ring jolted him. Madali niyang kinuha ang cellphone sa bulsa ng pantalon.

“Huhulaan ko, si Madam ‘yan ’no?” sabi ni Sam.

“Speaking of the devil.” Marcus sighed and reluctantly answered the call.

“What is this I heard that you stood up your date with Senator Medina’s daughter? Nakakahiya sa papa niya!”

Natawa siya sa reaksiyon ni Sam. Nauna na itong magtakip ng tainga. “How’s your trip, Mom? I’ve missed you.”

“Don’t change the subject, Marcus!”

Pinigil niya ang pagbungisngis. Nai-imagine niya ang nanlalaking mata ng ina at ang galit nitong mukha. Base sa medyo tahimik na tunog ng background, pihado siyang nasa kotse ang mommy niya at pauwi na sa Laguna. Kagagaling lang nito mula sa business trips sa Bangkok at Taipei.

“Dalawang linggo na ang lumipas, Mom. I’m

sure Ashley Medina is already dating someone else by now.”

“You brat! We need to talk.” His mother now spoke in her famous composed but tyrannical voice.

“Mom, we’re talking now.”

“Mag-usap tayo d’yan sa condo mo.”

“Tomorrow?” He shrugged. “Sure.”

“Not tomorrow, son. Now. I’m on my way.”

“What?! Mom—sh*t!” Dali-dali siyang napatayo nang biglang putulin ng ina ang tawag.

“Bakit?” tanong ni Sam na ngumunguya-nguya pa.

“Papunta si Mommy dito ngayon.”

Napabuga ito ng kinain. “Magpapakita si Madam Sungit—as in now? Kabilugan ba ng buwan ngayon?”

Dumirecho siya sa kuwarto at madaling kinuha ang laptop. Hindi na siya nag-empake ng pamalit dahil lagi naman siyang may nakahandang overnight rucksack sa kotse.

“Pakisabi kay Mommy na umalis ako at hindi mo alam kung nas’an ako.”

“Ako ang iiwan mo ditong haharap sa *mader* mo?” sigaw nito.

“Uh-hum.”

“Marcus, gusto mo bang sunugin ako ng dragon eyes n’on? Siguradong ako ang tatalakan ng nanay mo kapag nakitang wala ka dito.”

“Close naman kayo eh.”

“Nagpapatawa ka ba? Maramdaman ko pa lang ang presensya niya, nanginginig na ang brain cells ko. Hindi ko alam kung paano makikipag-usap sa kanya nang hindi niya ako tatarayan.”

Lumabas si Marcus ng kuwarto bitbit ang laptop.

“Saan ka pupunta?” tanong ni Sam.

“I’m staying in a hotel tonight.”

CHAPTER *Two*

“*W*ala pa siya dito?” paglilinaw ni Reeze sa sinabi ng receptionist. Kararating lang niya sa *Benidez Hotel* at agad niyang hinanap si Martha.

“Yes, Miss Reeze. Pero binilin niya po na mag-stay raw muna kayo sa room na ‘to.” Iniabot nito sa kanya ang susi ng Room 275.

Old school talaga ang style ng papa ni Martha. Mechanical keys pa rin ang ginagamit dito imbes na electronic key cards. Gusto kasi ng Uncle Glenn niya na i-preserve ang 1970s classic ambience ng *Benidez Hotel*.

Nasa tapat na siya ng elevator nang tawagan niya si Martha. “Where are you? Akala ko ba nandito ka

na?”

“May dinaanan lang akong friend. Pero on the way na ’ko. Mag-relax ka muna sa room na pina-reserve ko. Wait for me there.”

“Okay.” Pinindot ni Reeze ang end call button. Pabagsak siyang umupo sa kama nang marating ang Room 275.

Nang mapabaling sa dambuhalang salamin, tumapat siya roon at sinipat ang sarili. Sinigurado niyang kaakit-akit na ang kanyang hitsura. She looked taller because of her red stilettos. Terno roon ang kulay ng kanyang nail polish sa kamay at paa. Naka-brown cocoon coat siya na lampas-tuhod ang haba. Under her coat was a pink silk lace nightie. No bra. Just a sexy thong. Para easy access at wala nang drama.

Just a one-night stand. Aminado si Reeze na may pagka-liberated siya, pero hindi naman siya katulad ng ibang babae na basta-basta hinahain ang sarili sa kung kani-kaninong lalaki. Itong revenge sex para kay Martha, kaya ba niya? Mang-aakit siya ng isang lalaking ngayon pa lamang niya makikita. Isang lalaking nanggago sa pinsan niya.

And with a video... *Pahamak na coaster iyon!*

The wallclock displayed ten o’ clock. Nagpadala

muna si Reeze ng wine. Mas mabuti nang lasing siya kapag ginawa ang evil plan ng kanyang pinsan.

“Why are you drinking?” narinig niya ang boses ni Martha mula sa likuran. Hindi pala niya namalayang nakapasok na ito.

“Oh, you’re there. Uminom lang ako nang konti. Kailangan ko ’to ’no. P’ano kung mukhang kuhol pala ’yong ex mo?”

“Ano’ng akala mo sa standards ko? Guwapo ’yon siyempre. Here’s the video cam. Pinili ko talaga ’yong medyo maliit para hindi ka mahirapan sa pagtago n’yan. Bahala ka na kung paano mo itatago o kung saan mo ipupuwesto.”

Inabot ni Martha sa kanya ang video camera na kasing-laki ng palad niya. Sinuri niya agad ang specs niyon. “Ako na’ng bahala dito.”

“And here’s the key. Natagalan pa ’ko sa pagkuha n’yan dahil sinuhulan ko pa ’yong isang staff na tulungan akong sungkitin ’yan sa bulsa ni Felipe.” Ang tinutukoy nitong Felipe ay ang matandang manager ng *Benidez Hotel*. Nag-flash sa isip ni Reeze ang isang panot at masungit na lalaki.

“Kinuntsaba ko pa ’yong security team, kaya be careful with that ha. That’s the master key and it can be used to open all the guestrooms here. Kapag na-

misplace mo 'yan o may ibang nakaalam na hawak mo 'yan, lagot tayo pareho," dagdag nito.

"Don't worry, 'cuz."

Humugot ng hangin si Martha. "I'm breaking every rule here, Reeze—sa sarili naming hotel. So please do this as neatly as possible, and quietly."

Tumango siya. They both knew how ugly everything could turn out once Martha's father learned about their scheme. Mabait si Uncle Glenn, at hindi niya gugustuhing magalit ito sa kanya o sa sarili nitong anak.

"Napadala ko na ang wine kanina sa kuwarto ni Arthur. Knowing him, lalo na kapag alam niyang libre, sure na susunggaban niya 'yon agad ng inom. Walanghiya 'yon eh," saad pa ng pinsan.

"Paano mo nagawa 'to lahat sa isang araw lang?" manghang tanong niya kay Martha.

"Matalino ako eh. Sige na, pumunta ka na. Just call me when you're done. And by the way, Arthur's room is 309. Oh wait, are you on the pill?"

"Of course. Teka, sigurado kang walang sakit 'yung ex mo ha."

"Oo naman!"

She shrugged, grabbed everything she needed and went out. Maayos siyang nakarating sa upper

floor pero nagsimula siyang mahilo nang maglakad na siya sa hallway. Ngayon pa lamang nagki-kick in nang tuluyan ang alcohol sa sistema niya. Lumalabo nang kaunti ang kanyang paningin at tila ba sumasayaw ang paligid.

“302... 303...” Hindi niya alam kung nababasa pa niya nang malinaw ang room numbers. Puro number three na lang ang kumakaway sa paningin niya. *Sh*t*. Gaano ba katapang ang alak na ininom niya? She couldn’t screw this up. Not now.

Huminto si Reeze saglit at pilit kinundisyon ang sarili. Buti na lang at sanay siya sa high heels dahil kung hindi, baka kanina pa siya natapilok. She stopped in front of a room. “Ito na siguro ’yon.” Inilabas niya ang master key saka marahang binuksan ang pinto.

Bahala na si Batman.



Patay ang ilaw pero bukas ang lampshade kaya may liwanag pa rin sa loob kahit paano. Nadaanan ni Reeze ang banyo at narinig niya ang malakas na paglagaslas ng tubig. Mukhang nagsa-shower si Arthur. She sighed and smiled in relief. At least, mapapadali sa kanya ang trabaho.

Inilibot niya ang mga mata sa buong kuwarto.

“Akala ko ba nagpadala ng wine si Martha?” Wala naman siyang makitang bote ng alak. May brown rucksack na nakapatong sa couch, may pantalon at polo shirt na maayos na nakasampay sa rack. Isang laptop ang nasa ibabaw ng coffee table. Nakabukas iyon at sa screen ay may nakabalandrang 3D model ng animo palapag ng bahay.

“Tch. Nag-check in siya sa hotel para magtrabaho?”

Inilabas ni Reeze ang video cam saka ito isiningit sa accent pieces na naka-display sa TV rack. Itinagorin niya sa likod ang pouch na naglalaman ng susi at phone niya. She switched the camcorder on, started the recording and flipped her hair back.

Humugot siya ng malalim na hininga.

Just a night with him, Reeze, and everything will be over, pag-encourage niya sa sarili. Nakaupo siya sa kama nang biglang bumukas ang pinto ng banyo at lumabas si—

Ooh la la...

There he was, standing with his gloriously half-naked body, fresh from the shower... *hot* in every way! How she wanted to take a photo of him and frame it. Isasabit niya sa dingding ng kanyang kuwarto at pagpapantasyahan gabi-gabi. Arthur was

a freakin' hunk! Not too massive pero well-defined ang biceps at muscles sa katawan. Ang yummy tingnan ng katawan nitong may patak-patak pa ng tubig.

At ang abs...

Bruha ka, Martha! Paano ka nagka-fiancé nang ganito?

Nag-init ang paningin niya sa sexy V-line ng kupal. How could he turn her on just by standing there with nothing but a white towel? Mukha tuloy siyang batang naglalaway sa isang dambuhalang caramel cake.

Kumunot ang noo ng lalaki. "Who are you?" Pinutol ng husky at guwapong boses nito ang pagpapantasya ni Reeze. Pero mas lalo lamang yata siyang nalunod sa tinig nito. She wanted to hear him say her name and groan with it!

Pati boses, appetizer na?

Umakyat sa mukha ng lalaki ang makasalanang mata niya. There was a small glow casted on half of his handsome face from the bathroom light, giving him a dangerous but enthralling look. Nakagat ng dalaga ang ibabang labi.

"Paano ka nakapasok dito?" Nang tumalikod si Arthur upang suriin ang pinto, noon lamang siya

natauhan. Mas matindi pa yata ang naging tama ng presensya nito sa kanya kaysa sa matapang na alak na ininom niya kanina.

Hinubad niya ang coat at maharot na humakbang palapit kay Arthur. Nang harapin siya nito muli ay halos isang pulgada na lamang ang pagitan nila. Nagtagal ang mga mata nito sa nakaumbok niyang dibdib. The masculine scent of his shower gel filled her nostrils and for a second, she held her breath. He smelled of sex and trouble. Nagsisimula nang mag-alab ang buong sistema niya.

Really, Reeze? Agad-agad?

Matangkad si Arthur na siguradong mas mababa siya sa balikat nito kung hindi siya naka-heels. At that moment, she only had to tip her head up a bit to see him. His face looked dusky in this proximity, but she could swear how goodlooking he was. He looked so freaking sexy with his wet hair. Madalas na hindi appetizing sa paningin niya ang lalaking basa ang makapal na buhok. Pero iba si Arthur. Iba ang dating nito sa kanya.

Bago pa niya maisip gawin, tinunton na ng mga daliri niya ang palibot ng maanggulong panga ni Arthur. His fine stubbles tickled her fingertips. Gumalaw ang adam's apple ng lalaki. Nakatitig

pala ito sa nakaawang niyang mga labi. And oh, his sensual lips... Red and wet. Cherry with honey.

“What are you doing?” pagaw na bulong ni Arthur. Bolta-boltaheng kuryente ang nanulay sa bawat himaymay ng katawan ni Reeze nang biglang sakupin ng dalawa nitong kamay ang kanyang manipis na baywang. His hands were big and powerful. The peaks of her breasts hardened, her core throbbed in need and anticipation. She was ready to feel him. She wanted him.

“Seducing you, handsome.” Reeze smiled provocatively. Nanginig ang katawan ni Arthur nang dumaundos ang mga daliri niya sa malamig at matigas nitong dibdib. Her red-coated nails and slender fingers looked beautiful against his beige skin. Smooth and no scars. Pang-anak-mayaman ang kutis. Sigurado ba si Martha na ito ang gagong nanghuthot ng pera dito?

“Are you going to stop me?” she whispered. Aktong ilalapat niya ang mga labi sa ilalim ng panga ni Arthur nang bigla siya nitong hawakan sa magkabilang braso at tiim-bagang siyang pinakatitigan. Nanlamig siya nang maisip na baka hindi tumalab ang pang-aakit niya.

Sasakalin kita kapag ni-reject mo 'ko!

“Yes, I will stop you,” mapanganib nitong banta. At ganoon na lamang ang gulat ni Reeze nang bigla nitong angkinin ang mga labi niya.

Arthur was a damn good kisser. Bigla-bigla ay nakalimutan ni Reeze ang lahat ng lalaking nakatalik niya noon. She couldn't stop herself from moaning against his soft and warm lips. Gigil ang mga kamay ng lalaki habang pumipisil sa bawat bahagi ng malambot niyang katawan. As if he was a hungry lion and she was the best prey he had ever caught in his entire life.

The idea had turned her on more.

Napasinghap ang dalaga nang pumasok ang isang kamay ni Arthur sa loob ng kanyang nightie at buong layang nilukob ang kanyang dibdib. His thumb gently grazed her erect nipple. His hand was still cold from the shower, but his touch was scorching. Pakiramdam niya ay lalagnatin siya.

“Who are you?” he asked, panting.

“You don't need to know.” Senswal na humaplos ang mga kamay niya mula sa mga balikat ni Arthur, sa matipuno nitong dibdib... pababa sa matigas nitong tiyan. Her fingers were teasing above the knot of his towel. Naramdaman niyang lalong nag-igting ang kalamnan nito. Pinapungay ni Reeze ang mga

mata nang salubungin ang tingin ng lalaki.

“Tell me your name.” She liked his tone of subtle authority. He grabbed her bottom and pressed her soft body against his. She moaned when she felt his hardness. He was clearly aroused, and she knew he wanted her so badly.

“Mahalaga pa ba 'yon?”

“I want to know.” Hinalikan nito ang puno ng kanyang tainga. He licked the side of her neck and her shoulder... tasting her like a sweet delight. Sumabunot ang mga daliri ni Reeze sa basang buhok ng lalaki nang dumapo ang mga labi nito sa ibabaw ng kanyang dibdib. He suckled her nipple against the thin fabric and she was aching to take the freakin' cloth off.

Nag-angat ng mukha sa kanya si Arthur, ang mga mata ay lunod sa magkahalong pagtataka at pagnanasa. “Why are you here?”

Mapang-akit siyang ngumiti at kinalas ang tuwalya ng binata. “Just shut up and play with me, handsome.”

Muling sinakop ni Arthur ang mga labi niya. Mas matagal. Mas pangahas. It was so intoxicating that Reeze was having a hard time remembering why she was there. Naramdaman na lamang niya

na pinangko siya ng lalaki at maingat na inihiga sa kama. Itinukod nito ang mga kamay sa magkabilang-gilid niya. She could feel his hardness rubbing against her thighs. He was... big. Natutukso siyang iangat ang balakang upang ipagtama ang dapat ipagtama.

Arthur was studying her face, an amused smile playing on his wet lips. "I don't know who you are and how you got inside my room. But I damn hope you're not just an illusion."

Reeze ran her fingers from his chest down to his abs. And when she wrapped her hand around his shaft, Arthur groaned helplessly.

"So much for an illusion, huh?" she teased.

Ngumiti ang lalaki saka siya ginawaran ng maiksing halik. Pagkuwa'y tumayo ito at nilapitan ang rack kung saan nakasabit ang pantalon nito. He took out his wallet and pulled out a pack of condom.

Umupo si Reeze sa kama at buong-layang pinagmasdan ang likod ni Arthur, hanggang sa humantong ang mga mata niya sa firm nitong pang-upo. He was perfect. "I'm on the pill just so you know," simpleng sabi niya. "And I'm clean."

Parang modelong rumarampa na humakbang patungo sa kanya si Arthur. The sight of his arousal

overwhelmed her. She felt hot as hell.

“I believe you, sweetheart. But you can’t be too careful these days. Nasa shower lang ako kanina pero paglabas ko, may naghihintay na sa ’king magandang babae sa kama.” Yumuko ito upang hagkan ang mga labi niya. “Other than making you mine tonight, I’m not gonna risk anything else.”

“Fair enough.” She smiled and took off her sleepwear. Nang muli siyang ihiga ni Arthur sa kama, nagsimula nang mablangko ang isip niya.



Pupungas-pungas si Reeze nang mapansin ang pagpasok ng liwanag mula sa floor-to-ceiling glass window ng kuwarto. Kunot-noo siyang napalingson sa lalaking nakatalikod sa kanya saka pilit inalala ang nangyari.

Nang maramdamang gumalaw si Arthur kagabi matapos ang pagtatalik nila ay nagtulug-tulugan lamang siya. Hinintay niya itong pumasok sa banyo bago siya maingat na tumayo mula sa kama. She made sure the video was saved before she turned the camcorder off. Saka siya muling nagpanggap na tulog. Ano’t natuluyan siya?

She poked Arthur’s back, checking if he’s still asleep. Nang makuntento, marahan siyang

bumangon at isa-isang dinampot ang mga damit. Nang lapitan niya ang pinagtaguan ng mga gamit, narinig niya ang malakas na pag-vibrate ng cellphone niya. Napamura siya nang mahina. Nakalimutan pala niya iyong i-off. Buti na lang at walang tumawag sa kanya kagabi.

Martha. Agad niyang kinansela ang tawag at nagpasyang mag-text na lang sa pinsan. Alerto siyang napalingon nang umungol si Arthur. Higit niya ang kanyang hininga sa takot na magising ito bigla. Tumihaya ito sa kama pero nakapikit pa rin.

Okay, hindi pa siya gising, she sighed in relief.

May na-send yata siyang message pero hindi na niya iyon tiningnan. Dali-dali siyang nagbihis, hinakot ang mga gamit saka tahimik na tinungo ang pintuan. Sandali siyang huminto para sulyapan si Arthur.

“Sayang ka. If you weren’t such a jerk,” sambit ni Reeze.

Paglabas ng kwarto, napamulagat siya nang makitang naglalakad sa hallway si Martha. Sinalubong niya ito halfway. “Hindi ka naman excited n’yan? Kailangan talagang sunduin pa ’ko?”

“Yong text mo kasi hindi ko maintindihan. Akala ko kung ano nang nangyari sa ’yo at... Ano’ng

ginawa mo sa room na 'yan?" Namimilog ang mga mata ng pinsang nakatingala sa pinto ng kuwartong pinanggalingan niya.

"Anong klaseng tanong 'yan? Tapos na ang pinagagawa mo. May nangyari na sa 'min ng ex-fiancé mo. Happy now?" Inabot niya rito ang video camera.

Laglag ang pangang tiningnan siya ng pinsan. "What are you saying, Reeze? Hindi naman 'yan ang kuwarto ni Arthur."

"Huh?"

"Room 309. Not 306!"

"30—what?" Napanganga siya't napasinghap nang biglang bumukas ang pinto ng kuwarto sa likuran niya. Nag-slow motion ang ulo niya palingon sa guwapong lalaking nakasandal sa hamba ng pinto, nakasuot ng white robe, at nakakrus ang mga braso. Nakangisi ito.

"Thank you for crashing into my room last night. I really enjoyed it," kaswal na sabi ng lalaking nakatalik niya.

"Reeze, sino 'yang lalaking 'yan?" takang bulong ni Martha.

"Aba malay ko."

"Malay mo pero nakipag-sex ka sa kanya?"

Tumingala siya at binasa ang room number. 306.

Holy moly.

Bumalik sa mukha ng lalaki ang mga mata niya. Pinamulahan siya mula ulo hanggang talampakan. Malinaw na nag-flashback sa isip niya ang mga nangyari kagabi na parang live scandal na nagpe-play sa harap niya.

“Just shut up and play with me, handsome...”

She had spread her legs for a complete stranger?

“Reeze, umalis na tayo!” Niyugyog siya ni Martha.

“Bakit?” Wala na siya sa sarili.

“Anong bakit? Palabas si Arthur ng kuwarto, oh! Hindi kami puwedeng magkita nang ganito. Gusto mo bang maging warzone ’tong hotel namin?”

Natanaw niya ang lalaking palabas ng room 309. Nakatalikod ang totoong Arthur at may kausap sa telepono. Bago pa siya makapagsalita, hila-hila na siya ni Martha palayo.

She glanced over her shoulder. Nangingislap pa rin ang mga mata ng lalaking nakatalik niya kagabi.

Kill me now. Please.

CHAPTER *Three*

“*T*anga lang? Nagkamali ng kuwartong pinasukan?” singhal sa kanya ni Martha nang makabalik sila sa room 275.

Bagsak ang mukha niya at nakatampal sa noo ang kamay. She was sitting on the edge of the bed and she looked like sh*t. Masakit pa ang ulo niya dahil sa hangover. Ano bang kagagahan ang nagawa niya kagabi?

“Bingi ka ba o hindi ka lang marunong magbasa ng room number? 309, Reezelda! Bakit sa 306 ka napunta?”

She looked up at her cousin who was furiously pacing back and forth in front of her. “I was drunk, remember? Nahilo ako kaya siguro hindi ko nabasa

nang maayos ang room number.”

“Eh kung hindi ka naman kasi gaga, uminom ka pa ng sobrang tapang na wine kagabi.” Huminto si Martha sa tapat niya at nagpamaywang. “You screwed everything up!”

Napikon na siya. “Kung makapagsalita ka, parang ang laki ng nawala sa ’yo! Ano naman ang tingin mo sa nangyari sa ’kin?” She was obviously not talking about her virginity, but about her dignity for Christ’s sake! Ihain daw ba niya nang libre ang katawan sa kung sinong lalaki?

“Kasalanan mo ’yan!” Pabagsak na umupo ang pinsan sa tabi niya, panay ang iritableng pakawala ng hangin. Mayamaya lang ay umusod ito palapit sa kanya at naging mapang-usisa ang hitsura. “But tell me, did something really happen between you and that stranger?”

Umarko ang kilay ni Reeze at itinuro ang sarili. “Sa tingin mo ba, magiging ganito ang itsura ko kung wala?”

Martha cleared her throat, big eyes beaming. “In fairness, guwapo siya ha.”

Kanina lang ay gusto na siyang sakmalin ng pinsan, tapos ngayon, change mood agad? Kung minsan, gusto niyang isipin na bipolar si Martha.

“Nakita mo ba kung paano niya ’ko tingnan at ngitian nang nakakaloko?” Uminit na naman ang ulo ni Reeze nang maalala kung paano siya pinagmasdan ng ungas. He made her feel like she’s a cheap whore!

Saka siya may biglang naalala. Hinagilap niya ang video cam at in-on pero—no card? Mabilis niyang sinilip ang memory card slot. Walang laman. Impossible! Sigurado siyang nai-save niya nang maayos ang video kagabi.

“Saan napunta ’yon?”

“Ang alin?” tanong ni Martha.

“Yung memory card. Wala dito.” She double-checked the cam but it was still empty. Wala rin sa loob ng pouch o kahit sa kama.

“Hindi ba natanggal, nalaglag or something?”

“Impossible. Ngayon ko lang naman ’to binuksan—” Naalala niya ang lalaki sa room 306. Posible kayang kinuha nito ang memory card? Pero sigurado siyang wala itong alam tungkol sa camera na itinago niya.

Nag-vibrate ang phone ni Reeze. Unknown caller.

“Hello?”

“Hi, room-crasher.”

Namilipit ang mga bituka niya nang marinig

ang pamilyar na husky and handsome voice na iyon. Mas lively nga lang iyon ngayon kumpara kagabi. In her mind, she could hear him groaning and panting just like last night—while he was wildly pounding inside her.

Nakagat ni Reeze ang ibabang labi. Nagkamali siya ng napasok na kuwarto. Nagkamali siya ng inakit na lalaki. May mas tatanga pa ba sa kanya?

“Still remember me?”

“S-sino ’to?” pagmamaang-maangan ni Reeze.

Tumawa ito. “Oh c’mon, nakalimot ka na agad? After what we did last night?”

“Paano mo nalaman ang number ko?” Kinabahan siya bigla.

“Hmm... I just did a little chat with a female hotel staff, Miss Reeze.” Ganoon kabilis ito nakakuha ng impormasyon tungkol sa kanya?

Pinilit niyang pakalmahin ang sarili. “Ano’ng kailangan mo sa ’kin?”

“Well, I think ikaw ang may kailangan sa ’kin.”

She squirmed in her seat. “So nasa ’yo nga ’yung memory card?”

“Uh-hum.”

Muntik nang dumulas sa kamay niya ang aparato. “P-pero paano—”

“If you want it, let’s meet up. Tatawagan ulit kita,” sabay putol nito sa linya.

Siniko siya ni Martha. “Ano raw sabi?”

Matagal naging blangko sa emosyon ang kanyang mukha. Saka siya biglang humiyaw nang pagkalakas-lakas at sinabunutan ang sarili.



“Hay naku, Marcus. Alam mo bang nagka-near death experience na naman ako nang dumating ang mommy mo dito kagabi? Aba, habang tinatalakan ako ni Madam, kumakaway na sa ’kin si Lucifer. S’abi niya, malapit na due date ko.”

Kauuwi lang ni Marcus sa condo unit nila. He was tired. Drained. And hungry. Napangiti siya sa naalalang dahilan niyon. Dumirecho siya sa kusina. May nakasalang nang brewed coffee sa coffeemaker. Nagsalin siya sa isang tasa.

“Nakakaloka ka talaga! Sa tuwing tatakasan mo si Madam, ako palagi ang pinangsasalo mo ng galit niya.” Nakapamaywang si Sam sa entryway ng kitchen area. “Para pa namang whirlpool ang bibig ng nanay mo. Nanghihigop ng pagkatao! S’abi niya, sinusulsulan daw kita na ’wag siputin ang mga date mo. Na bad influence raw ako sa ’yo at dapat na ’kong lumayas sa unit mo.”

Bumagsak siya ng upo sa tapat ng mesa at dumampot ng wheat bread. Muling gumitaw sa alaala niya ang magandang mukha ni Reeze. Her sexy eyes and pouty lips...

When he first saw her sitting on the bed, he thought he was just hallucinating. Paano nga ba naman kasi ito nakapasok sa kuwarto niya kagabi nang basta-basta? Sigurado siyang naka-lock ang pinto bago siya nag-shower. But f*ck the how's and why's. All his reasoning had been blown away the moment he smelled her sweet and seductive scent.

Mabilis na rumagasa ang pagnanasa sa mga ugat niya nang masilayan ang kaakit-akit nitong katawan. Her full breasts bouncing, sensuous hips swaying... She sauntered toward him like a goddess of sex in a pink nightgown. At siya ay isang mortal na pinagpala.

"Bilin ni Madam na kapag umuwi ka na raw, tawagan mo agad siya."

Napangisi muli si Marcus.

"Ay nakanang froglet! High ka ba? Naglalabas ako ng sama ng loob dito, oh!" Pumitik-pitik si Sam sa harapan niya. "Anong meron?"

"Nothing. I just had fun last night." Inangat niya ang coffee mug.

“Fun?” Umupo si Sam sa tapat niya. “Ano ’yan, nakahanap ka ng playmate kagabi at niyaya mo sa playground?”

He chuckled. “Sorta. A playmate slash room-crasher.”

“Room-crasher?”

“May isang lasing na babaeng basta na lang pumasok sa kuwarto ko.”

“A hooker?”

Umiling siya.

“Pinagsamantalahan mo naman?”

“She seduced me.”

“Malamang lasing. Walang alam si girlaloo sa pinaggagagawa niya.” Dumampot na rin si Sam ng tinapay sabay pasak nito sa bibig.

“Nope. She was still sane, kaya nga nagawa pa niyang ipuwesto ang camcorder.”

Kagabi, nang mapalapit sila ni Reeze sa TV rack, napansin niya agad ang gatuldok na pulang liwanag sa pagitan ng accent pieces. Kahit medyo madilim, madali niyang na-realize na camcorder ang nakatago roon. And it was on. He knew what was happening but still, he didn’t make her stop.

Hell, it was hard to make Reeze stop.

“Camcorder?” Namilog ang singkit na mga mata

ni Sam. “Bakit, balak niyang gumawa ng scandal with you?”

“I don’t know.” He shrugged.

Nagpalaman ng peanut butter si Sam sa tinapay at tumingin sa malayo. “Hmm... hindi kaya pakana ’to ng competitors ng firm n’yo? Di ba may rumor na ’yong presentation n’yo ang balak i-approve ng ICS bank para sa renovation *chuchu* ng main office building nila? Bongga ’yon, right? Baka balak kang siraan n’ung karibal n’yong firm, para sa kanila mapunta ’yung *probject*.”

“I don’t think so, Sam. I’m a goddamn architect at ano’ng masisira sa ’kin ng isang sex video?” Sam’s theory had crossed his mind last night, but he found no sense about it at all. Sa industriyang ginagalawan niya, competence ang mas mahalaga. No one would give a damn about his sex life. Just one a look at him and everyone would surely shut up.

Napalabi si Sam. “Sabagay. Pero ano nga kaya’ng trip ng haliparotang ’yon? Alangan namang nag-eeenie meenie miney mo lang ’yon ng hotel rooms at na-random pick ’yong sa ’yo? Pero paano siya nakapasok? At bongga siya, ah. Na-video-han pa. Pero teka nga, hinayaan mo siyang mag-fly away tangay-tangay ang video?”

“I have the memory card.” He gave Sam a sly smile. Kinuha niya ang cellphone mayamaya at tinitigan ang contact number ni Reeze.

“Inabot sa ’yo na parang souvenir?”

“I stole it.”

Sige pa rin sa paglamon ng tinapay si Sam nang hindi inaalis ang mulagat na tingin sa kanya. “Tapos sisirain mo?”

Umiling si Marcus.

“Bakit parang hindi big deal sa ’yo ang dahilan ni girlaloo?” Matagal siyang pinag-aralan ni Sam bago pumalatak. “Hala ka, sinasabi ko na nga ba, eh! Kaya pala hindi ka mukhang concerned doon sa video, ang habol mo kasi eh ’yong babae mismo!”



Sa isang cafe sa tapat ng *Benidez Hotel* nakipagkita ang walanghiya. Nakapuwesto ang lalaki sa dulong mesa, nakatalikod. He wore a mint green polo shirt and Reeze couldn't help but admire how sexy his back was. Parang ang sarap yapusin.

“Umayos ka, Reezelda!” sita niya sa sarili saka humakbang patungo sa kinaroroonan ng lalaki. Taas-noo siyang umupo sa tapat, dumekwatro at tumingin sa malayo. Nang wala siyang marinig na salita mula sa lalaki, bahagya niyang binaba ang sunglasses at

sinilip ito. Nakangisi ang lalaki. Tuluyan na niyang tinanggal ang sunglasses at ipinatong iyon sa mesa.

“Nice seeing you again, Reeze.”

Plastik siyang ngumiti.

“I didn’t know what you like so I just ordered you an orange juice,” sabi nito nang dumating ang isang waitress at nilapag ang mga refreshers sa mesa.

“Ang memory card?” Inilahad niya ang palad.

The guy smirked and leaned against his seat. Pinigil ng dalaga ang singhap. Mapasa-dilim o liwanag man, ang guwapo pa rin nito. Ibang-iba ito sa mga lalaking naka-date niya noon. Hindi sa mga panget ang mga iyon. In fact, they were all goodlooking and yummy. Pero ang isang ito... nakaka-intimidate na ewan. May aura kasi ito na parang anak ng aristokrata. The man’s short thick hair was groomed well, giving him a neat and refreshing look.

“You think I’ll hand it over to you just like that?” anito.

“Eh bakit nakipagkita ka kung wala kang balak ibigay ’yon sa ’kin?”

He smiled sweetly. So sweet she wanted to murder him! Kahit matigas ang habas ng jawline ng lalaki, lumilitaw ang boyish angle nito sa tuwing

ngumingiti. He's got dark and playful eyes, thick lashes and patrician nose. Mamula-mula ang mga labi. She blushed at the thought of his sensual lips kissing every inch of her body.

Pasimple niyang inalug-alog ang ulo.

"You look different today. Still pretty, though. Pero noong gabing 'yon, sobrang lagkit mong makatingin sa 'kin."

Napakurap si Reeze. "Huwag mo ngang maipaalala ang nangyari."

"Why not? You're the one who came into my room and seduced me."

"Paano mo pala nalaman?"

"Yong tungkol sa patago mong pagkuha ng video?"

Tumango siya.

Nang dumukwang ang lalaki sa mesa, nalanghap niya ang mamahaling pabango nito. He smelled of sweet wood and wild grass. "I'm not stupid, Reeze. Napansin ko na ang cam n'ong mapalapit tayo sa rack. That morning, nauna akong nagising sa 'yo. I checked the camcorder and snatched the memory card. Siguro ang pagkakamali mo lang ay natulog ka nang mahimbing. Masyado ka yatang napagod." He winked at her and she stopped herself from wanting

to smack his goodlooking face.

“Pero akala ko tulog ka...” Kumunot ang noo ni Reeze. “So you were just pretending that you’re asleep?”

“Uh-hum. Then, narinig kong may kausap ka sa labas.”

“At sinong hotel staff ang nagsabi sa ’yo ng tungkol sa ’kin?” Malaman lang niya ang pangalan ng mahadera, ipasisisante niya iyon kay Martha agad-agad!

The bastard’s small, breathy chuckle startled her. “You think I can really find someone who has your info in that short span of time? I’ve checked your contact info from your phone. Nakita ko ’yon sa isang pouch, kasama pa ang susi na ginamit mo. If I’m not mistaken, that’s the master key, right? How did you get it?”

She gritted her teeth. “Alam mo bang invasion of privacy ang ginawa mo?”

“Yeah, just like entering a room without the guest’s permission.” He scoffed. “I can sue the hotel, you know.”

Bigla siyang kinabahan. Paano nga kung gumawa ito ng paraan para mademanda ang *Benidez Hotel*? Patay na.

“But I won’t do it because I had too much fun.”

She glared at him.

“Tell me why you did that,” maawtoridad na sabi ng kaharap.

“Ipakita mo muna sa ’kin ang memory card!”
utos ni Reeze.

Inilabas nito ang isang maliit na transparent case mula sa bulsa ng pantalon. Nasa loob ang memory card ng camcorder ni Martha. Sinubukan niya iyong abutin pero mabilis inilayo ng lalaki ang case.

“Easy. Hindi mo ’to makukuha nang ganoong kasimple. Malay ko ba kung saan mo balak gamitin ang video. Kung may balak kang siraan ako, siguradong kilala mo ako. And what’s your goal?”

“Una sa lahat, hindi kita kilala. Ni hindi ko nga alam ang pangalan mo eh.”

“Really, huh?” He fixed her with a scrutinizing stare. Noon lamang niya napansin na medyo pagod ang mga mata nito. Puyat ba ito lagi? Stressed siguro sa trabaho o sa kung ano mang pinagkakaabalahan ng ugok na ito. Pero kahit ganoon, lutang na lutang pa rin ang pagkaguwapo nito.

“I’m Marcus. Marcus Santillez.”

Marcus... Pati pangalan, cute. Kainis. Nagtanggal siya ng bara sa lalamunan. “Well, hindi ako

interesadong malaman kung sino ka. Ang importante lang sa 'kin, makuha ko 'yang memory card. Malay ko rin kung ano'ng balak mong gawin d'yan. Wala akong tiwala sa 'yo. Kung gusto mo, babayaran na lang kita. Magkano ba?" Hinalungkat ni Reeze ang wallet sa handbag. Makukuha kaya ang lalaking ito sa isang libo?

"Sa tingin mo, madadala mo ako sa pera?" bagot na sabi ni Marcus. "Nah. I already have much of that."

Muli niya itong sinuri ng tingin. Mukha naman talagang rich kid ang lalaki, nagbakasakali lang siya. "Then, what do you want?"

"Unless you tell me your goal for doing this, I won't consider giving this back to you." Sumeryoso na si Marcus. Hindi niya masisisi ang lalaki dahil wala itong alam sa nangyari. Hindi nga lang talaga niya alam kung paano magpapaliwanag dito. She didn't like the feeling of looking stupid in front of other people. Lalo pa sa taong ito.

Binasa niya ang labi. "Kapag sinabi ko sa 'yo ang totoo, ibabalik mo na ba sa 'kin 'yan?"

Marcus shifted in his chair. "Depende. Kapag katanggap-tanggap ang paliwanag mo, baka. If not, I might be forced to play a game with you."